# 1

"Nasaan si Derek Salcedo? Gusto ko siyang makausap," demand ni Therese sa katulong na nagbukas sa maliit na gate na daanan ng tao. Nandoon siya sa labas ng mansion na pag-aari ng lalaking hinahanap niya.

Napanganga ito sa kabiglaan. "P-po?"

Hindi na siya naghintay pa ng imbitasyon na pumasok sa bakuran at nilampasan lang ni Therese ang katulong. Mabilis niyang tinungo ang malaking bahay at binuksan ang magarang front door saka pumasok sa loob. "Nasaan siya? Sabihin mo sa kanya na gusto ko siyang makausap."

"S-sandali lang po, Miss!" Natauhan ang katulong dahil sa ginawa niya. "Wala po kayong karapatan na basta na lang pumasok dito!"

"Mamili ka," aniya na nag-aapoy ang mga matang nilapitan ito. "Tawagin mo siya o magkakagulo tayo ngayon rito?"

Napakurap ito at napaatras sa takot. "S-sino po ang sasabihin kong naghahanap sa kanya?"

"Therese Ortega," malamig niyang sagot.

Umalis ang katulong upang puntahan ang amo nito. Naiwan siya sa malaking sala, walang mapaglagyan ang galit. Hindi niya alam na isang hindi magandang balita ang sasalubong sa kanya sa airport pagkadating niya galing sa London.

Sa totoo lang, kinakabahan siya at natatakot. Derek Salcedo was among the famous eligible bachelors in the country. He was, in fact, a shrewd businessman, a ruthless one. Kung mayroong ibang pagpipilian ang dalaga, hindi siya pupunta sa lugar na ito pero kailangan niya itong gawin para kay Steve. Nanginginig na siya pero pilit niya iyong pinigilan.

Alam niyang hindi siya gustong makita ng binata; ilang ulit na ba siyang tumawag dito at nakiusap sa sekretarya nito na nais niyang makausap ang sikat na may-ari ng isa sa pinakamalalaking construction companies sa buong bansa? Pero parati siyang binabagsakan ng babae ng telepono. Ito na lang ang natitirang paraan.

Mayamaya ay bumalik na ang katulong at nakasimangot na ito sa kanya. "Pasensya na, Miss, pero busy raw po si Sir. Wala daw po siyang panahon na makipagkita sa inyo."

"Hindi puwede 'yon," malamig na balik ni Therese. "Pakisabi sa kanya na hindi ako aalis rito hangga't hindi ko siya nakakausap—"

"At paano kapag hindi ako pumayag, Miss Ortega?"

Napalingon ang dalawang babae sa pinanggalingan ng malalim na baritonong boses na biglang pumutol sa mga sasabihin ni Therese .Nakita niya ang mukha ng lalaki na sa magazines lang niya nakikita. Masamang nakatingin sa kanya ang malalamig na mata ni Derek Salcedo. Sa tindig pa lang ng matipuno nitong katawan ay mahahalata na ang nararamdaman para sa kanya—pagkasuklam.

*Sayang*, himutok ng utak niya. Under other circumstances, she would find him very appealing. Babaeng gawa lang sa bato ang hindi maa-attract sa ganito kakisig na lalaki.

Lihim niyang pinagalitan ang sarili dahil sa kabila ng galit at nararamdaman, hindi niya naiwasang humanga sa kaharap. Huminga siya nang malalim at matapang na sinalubong ang mga mata nito. "Kailangan nating mag-usap, Mr. Salcedo."

Binalingan muna ni Derek ang katulong. "Ako na ang bahala sa kanya, Ida. Puwede ka nang bumalik

sa ginagawa mo."

Tumango ang babae. "Opo, Sir." Iniwan na sila nito upang magtungo sa kusina.

Ibinalik ng lalaki ang pansin sa kanya. "Paano nga kung ayoko?" malamig nitong turan. "Hindi mo ba naisip na marami rin akong ginagawa?"

"Kung may dapat mang sisihin tungkol sa bagay na 'yon, ikaw 'yon at hindi ako!" singhal ni Therese. "Kung hindi mo ako paulit-ulit na binabagsakan ng telepono at binale-wala ang mga mensahe ko then hindi na sana tayo aabot pa sa ganito!"

Napasimangot si Derek. Hindi niya mapigilan ang magulat sa approach ng babaeng ito dahil wala pang babae na kumausap sa kanya nang ganito. Hindi tuloy niya mapigilan ang maintriga.

Sinipat niya ang bisita mula ulo hanggang paa at doon na-realize na napakaganda pala nitong babae. Nakalugay ang mahaba nitong buhok at nanlilisik ang mga mata nito na parang handa na itong magbuga ng apoy. At sa pagtitig niya sa mga matang iyon na punung-puno ng galit para sa kanya ay hindi niya napigilan ang mabilis na pagtibok ng kanyang puso. Pakiramdam niya, para siyang sinikmuraan.

*So ito pala si Therese Ortega.*

"Very well. Sumunod ka." Tinungo niya ang direksyon ng kanyang home office.

Kaagad na sumunod si Therese sa lalaki at hinanda ang sarili. Kailangan niyang isipin si Steve. Ito ang dahilan kung bakit siya nandito sa Salcedo residence.

Pumasok sila sa isang magarang siid. Nang maisara ang pinto sa kanyang likuran ay saka niya hinarap ang lalaki. Kaswal na itong naupo sa isang silya na nasa likod ng isang malaking mahogany desk.

"So ikaw pala si Miss Therese Ortega, ang nakababatang kapatid ni Steve Ortega, correct? Kung hindi pa ako gumawa ng background check tungkol sa lalaking 'yon, hindi ko malalaman na may kapatid pala siya. You've kept a very low profile."

"Sa London ako nag-aral at nag-decide ako na doon na tumira," tugon niya habang sinasalubong ang malalamig na mata ng kaharap. "I've kept a low profile because I prefer it that way."

"Very unusual of you." Isang sarkastikong ngiti ang sumilay sa mga labi ng kaharap. "Usually, ang mga babaeng katulad mo na heredera ng isang

malaking kompanya, educated at maganda ay nakikihalubilo sa social circle natin."

"I prefer to live simply. And may I remind you, hindi ako pumunta rito para pag-usapan ang mga social preferences ko."

Itinago ni Derek ang ngiti sa likod ng magkadaop niyang mga kamay. Hindi niya mapagsawaang titigan ang babaeng nasa harapan niya. It was like he was hypnotized by her. "Very well then, ano ang kailangan mo, Miss Ortega?"

Hindi na nagpaliguy-ligoy pa si Therese. "I want you to drop the charges you filed against my brother."

Natahimik ang lalaki. Sanay siya sa ganitong klase ng directness sa mga lalaking empleyado at executives niya. Pero sa mga babae? Kahit kailan ay hindi niya naranasan iyon. At malinaw sa tindig pa lang ng babaeng ito na hindi ito magdadalawang-isip sa gusto nitong mangyari.

"Nagpapatawa ka ba? Si Steve Ortega ang dahilan kung bakit namatay ang kuya at pamangkin ko! Paano ka nagkaroon ng tapang na makiusap sa akin nang ganyan?" angil niya.

Saglit na napapikit si Therese upang mabigyan

ng lakas ang sarili. Nang magmulat siya ay tiningnan niya nang derecho ang kausap. "Alam nating dalawa na lumabas sa imbestigasyon na brake failure ang dahilan kung bakit nangyari ang aksidente. Walang kasalanan si Steve!"

Parang may kung anong pumutok sa utak ng lalaki.

"Walang kasalanan?" Bumagsak ang kamao ni Derek sa ibabaw ng mesa at parang mabangis na hayop itong napaharap sa kanya. "He was driving under the influence of liquor, paano mo masasabing wala siyang kasalanan sa nangyari? Alam mo ba kung gaano kasakit ang mawalan ng mga mahal sa buhay dahil sa gan'ong klase ng aksidente? Alam mo ba kung ano ang nararamdaman ko ngayong wala na ang kapatid ko?"

"Oo, alam ko," mahinahong sagot ni Therese. Bakas sa kanyang magandang mukha ang unawa at compassion na nararamdaman para sa kaharap. "Alam naming dalawa ni Steve ang nararamdaman mo pagkat nawalan na rin kami ng mga magulang dahil sa gan'ong klase ng aksidente kaya kami maagang naulila."

Natahimik si Derek at gulat na napatitig sa kaharap. Ilang sandaling naghari ang malalim na

katahimikan sa pagitan nilang dalawa. Alam niya ang tungkol sa bagay na iyon dahil kasama iyon sa report ng private investigators niya. “Kahit na ano pa’ng sabihin mo, hindi na magbabago ang isip ko. Hindi madaling kalimutan ang nangyari. Hindi ko siya mapapatawad sa ginawa niya, wala siyang kuwentang tao—”

“He’s dying!” hindi na natiis ni Therese na ibulalas ang tunay na sitwasyon ng kapatid. Gustung-gusto na niyang umiyak. Hindi pa niya napapakawalan ang luha simula nang ibalita sa kanya ng mga doktor ang health condition ni Steve pagkabalik niya sa Pilipinas galing London. “Hindi mo ba nakikita? Kung pinaimbestigahan mo siya—which I know you did—malalaman mo ang bagay na ‘yon!”

Hindi kaagad na nakapagsalita ang binata. “No, I didn’t know that,” mayamaya ay sabi nito. “Confidential ang mga medical records at hindi ko ni-require ang mga imbestigador para kunin ang information na ‘yon.”

“Well, ngayon alam mo na kaya bawiin mo na ang mga kasong hinain mo laban sa kanya!” halos pagmamakaawa na ni Therese habang pilit na pinipigilan ang luhang nagbabanta nang umagos.

"Terminal na ang sakit niya, ilang linggo na lang ang itatagal niya! Pabayaan mo naman siyang mamatay nang tahimik!"

Muling pumailanlang ang katahimikan sa pagitan nila. Parang ilang oras na ang lumipas bago niya naramdaman ang pagtayo ng lalaki at naglakad papunta sa kanyang likuran. Hindi niya ito nilingon at tahimik siyang nagdasal para sa isang himala.

Nakaramdam naman ng sakit si Derek sa puso niya nang marinig ang pagmamakaawa ni Therese. Sobra-sobra siguro ang pagmamahal nito para sa kapatid nito. Sa kanya kaya, kung siya ang nasa sitwasyon ni Steve, may magmamakaawa rin kaya para sa kanya nang ganito? Hindi niya mapigilan ang biglaang inggit na pumasok sa puso niya.

Finally, binasag niya ang katahimikan. "Hindi gan'on kasimple 'yon. Napatay niya ang nag-iisa kong kapatid at ang nag-iisa kong pamangkin na lalaki."

"But it was an accident!" giit ng dalaga. "Hindi mo ba maipasok 'yon sa kukote mo? O talaga lang napakamanhid ng puso mo para hindi mo maintindihan na wala ring silbing ikulong mo ang isang lalaking mamamatay na?"

Pakiramdam ni Derek, para siyang sinampal. Hindi pa siya nasasabihang manhid ng kahit na sino, kahit ng mga babaeng nakarelasyon na niya noon. Naalala niya ang nasira niyang ama at ang malamig na pagtrato nito sa kanya at sa kapatid niyang si Adam. Hindi niya gustong mailarawan siyang manhid na katulad ng lalaking iyon!

"Kung sakali mang pumayag ako na iurong ang demanda," biglang basag ng boses ng binata sa katahimikan, "ano'ng handa mong gawin?"

Hinarap ito ni Therese. "Kahit ano! Kahit magpaalila ako sa 'yo, gagawin ko, basta huwag mo lang pahirapan ang kapatid ko!"

"Paano ang buhay mo? Handa ka bang isugal 'yon?" hamon nito. "Kaya mong ipagpalit ang sarili mo para sa kanya?"

Hindi nagbago ang determinasyon sa mga mata ni Therese. "I said I'll do anything and I meant every word I said."

Napasimangot si Derek habang nakatitig sa kanya. "Hindi nararapat si Steve Ortega para sa sakripisyo ng isang katulad mo. You're too good for him."

Pakiramdam niya ay parang tumigil sa pagtibok

ang kanyang puso. How dare he! Pinaglalaruan lang siya ng lalaking ‘to? Tumuwid siya ng tayo at galit na pinunasan ang luha bago taas-noo na hinarap ang kausap niya.

“Is that a no? Then nag-aaksaya lang pala ako ng oras dito. Alam mo, sinabi nila sa ‘kin na wala ka raw puso, pero hindi ako naniwala. Akala ko nagbibiro lang sila dahil para sa ‘kin, hindi ka naman mukhang masama. Pero nagkamali ako. Sana maging masaya ka sa naging desisyon mo. Goodbye, Mr. Salcedo.”

Pinanood ni Derek na maglakad palayo sa kanya ang dalaga. At that moment he knew that he could not let this woman walk away from him. Ito ang babaeng matagal na niyang hinihintay na dumating sa buhay niya. Kailangan na niyang gumawa ng paraan.

Sinisimulan na ni Therese na buksan ang pinto ng silid nang biglang hulihin ng binata ang braso niya para pigilan siya sa pag alis. Tiningnan niya ito nang masama pero nginisihan lang siya nito.

“O, saan ka pupunta? Hindi pa tayo tapos mag-usap.”

Pinanlisikan niya ito ng mga mata. “Wala kang balak na iurong ang demanda mo laban sa kapatid

ko kaya ano pa ba ang dapat nating pag-usapan?"

"Wala akong sinabing ganoon. But I've a better idea." Binigyan siya nito ng isang nakakalokong ngiti saka hinaplos ang ilang hibla ng mahaba niyang buhok.

Napasimangot si Therese at nagsimulang mailang sa ikinikilos at mga ngiti nito. "Ano'ng ibig mong sabihin?"

"Bakit hindi na lang tayo magkaroon ng kaunting… arrangement?"

"Arrangement?"

"Oo." Napasinghap siya nang ibaon ni Derek ang kamay nito sa buhok niya at hinawakan iyon saka siya hinapit upang madikit siya sa matikas nitong katawan hanggang sa halos hinahalikan na siya nito. "Ipapalit mo ang buhay mo para sa kanya," mahinang saad nito.

"What?" confused na tanong niya, masyadong shocked para mapansin ang mga nangyayari.

Napangiti lang ito dahil sa kainosentehan na ipinapakita niya. "Iuurong ko ang demanda ko laban sa kapatid mo kung… papayag kang magpakasal sa 'kin."

Tila noon lang natauhan si Therese sa kung ano ang nangyayari at itinulak palayo ang lalaki. Hindi siya makapaniwala sa narinig! "You're insane! Bakit ko naman gagawin 'yon? Wala ka na bang ibang maisip na paraan?"

Muling tila naukit sa bato ang mukha ni Derek. "Kasamang namatay ng kapatid ko ang nag-iisang tagapagmana ng pangalan namin. It's only logical that you give me an heir."

Halos bumigay ang kanyang mga tuhod sa sobrang panlalambot. "You're kidding! At ano bang logical ang sinasabi mo? Logical na 'yon sa 'yo? Baka logic ng baliw ang gusto mong sabihin!"

"I'm serious, Miss Ortega."

Shocked pa rin na napailing siya. "Nasisiraan ka na nga! Walang matinong tao na papayag sa gusto mo!"

"Akala ko ba gagawin mo ang kahit na ano?" malamig na balik ni Derek.

Nanlaki ang mga mata niya habang nakatingin dito. "Kasal na ang pinag-uusapan natin! Sagrado 'yon!"

"Makaluma ka pala," natatawang saad nito.

"Pero kung talagang ayaw mo, hindi kita pipilitin. Huwag mo lang aasahan na maaawa ako sa kapatid mo kahit may-sakit pa siya."

Hindi makapaniwalang napatitig si Therese sa mukha ng kausap. For one moment, inisip niya na nanunubok lang ito, pero banaag sa walang-awang mga mata ni Derek na seryoso ito. At kung talagang gusto niyang mailigtas si Steve, kailangan niyang maging alipin ng lalaking ito.

"Wala kang puso..." pabulong niyang sabi habang pilit na pinatatatag ang sarili upang hindi siya bumagsak. Hindi na niya ito bibigyan pa ng dahilan para tuyain siya.

"Shall I take that as a yes?" walang-emosyon na tanong ng binata.

Pinilit niyang lumunok dahil tila may batong humarang sa kanyang lalamunan bago napatango. "Oo... oo."

"Good." Bumalik ito sa likod ng mesa at naghandang magsulat sa ilang piraso ng papel. "I'll expect you at the city registrar in three days, alas tres ng hapon."

"T-three days?" singhap niya. "Sobrang bilis yata!"

"Bakit pa natin patatagalin?" taas ang mga kilay na tanong nito. "May trabaho ka ba ngayon?"

"Dahil hindi na kaya ni Kuya na pamahalaan ang kompanya namin, ako na ngayon ang acting president d'on."

"Mag-resign ka."

Napanganga siya. "What!"

"May karelasyon ka ba ngayon?"

Naalala ni Therese ang doktor na nanliligaw ngayon sa kanya. "O-oo."

"Tapusin mo ang lahat ng ugnayan mo sa kanya."

"Gan'on lang?" di-makapaniwalang tanong niya. "Tatapusin ko nang ganoon lang ang relationship namin na parang walang nangyari?"

"Sa tingin mo ba maganda sa paningin na may karelasyon kang iba habang kasal ka sa 'kin?" hamon ni Derek.

"Hindi pero—"

"Wala akong pakialam kung paano mo man 'yon gagawin, basta gawin mo," mariing utos nito. "You may leave. I'll see you in three days."

Pakiramdam niya ay nananaginip lang siya habang naglalakad papunta sa pinto. Hindi pa siya nakakalabas sa silid nang tawagin siya ni Derek.

Nilingon niya ito at ngumisi ang lalaki sa kanya. "Alalahanin mo lang na, simula ngayon, susunod ka na sa lahat ng sasabihin ko. Oras na pumirma ka sa kontrata, akin ka na. Don't you forget that."

Nang sa wakas ay nasa loob na si Therese ng kotse niya, hindi pa rin siya makapaniwala na pumayag siyang magpakasal kay Derek Salcedo. To think na ngayon lang sila personal na nagkakilala! Parang isang masamang panaginip lang ang lahat.

Pero ipinaalala niya sa sarili na ginagawa niya ang bagay na ito para kay Steve. Mahihiwalayan din niya si Derek balang araw. Isa pa, ang mga lalaking katulad nito ay madaling magsawa sa mga laruan ng mga ito. Hindi magtatagal at mapapagod din ito sa larong sinimulan nito.

Ngayon, paano niya ipapaliwanag sa kapatid ang lahat ng ito?

# 2

Dumating ang araw ng civil wedding nina Therese at Derek. Sabay silang nagpunta sa city registrar at inabutan nilang nandoon na si Steve at naghihintay sa kanila.

Nakasuot ng isang cream na bestida ang dalaga; simple lamang iyon pero elegante at tama lang para sa okasyon. Kasama niya ang kapatid sa corridor, hinihintay niyang matawag siya sa loob ng opisina ng judge na magkakasal sa kanila ni Derek.

Sinikap niyang huwag magpakita ng kahit na kaunting pag-aalinlangan maski ninenerbyos siya. Alam kasi niyang mag-aalala ang kapatid. Ngayon pa lang ay nararamdaman na niya ang pagdududa mula rito. Mukhang hindi ito kumbinsido tungkol sa kuwentong na-love at first sight siya kay Derek.

“Therese,” paos na bulong ni Steve, “you don’t have to do this.”

Binigyan lang niya ito ng isang malambing na ngiti. “Ano ba ang sinasabi mo diyan, Kuya? Gusto ko ang kasal na ‘to! Alam kong gusto ko si Derek.”

“But do you love him?” seryosong tanong nito.

Nakatitig ito sa mga mata niya na parang binabasa ang niloloob ng kanyang kaluluwa.

Niyakap niya nang mahigpit ang nakatatandang kapatid at hinalikan ito sa pisngi. "Ano ba ang ipinag-aalala mo? Don't you want to see me happy?"

"I do want to see you happy," anito, pagkuwan ay sumimangot. "Kung ginagawa mo lang 'to para isalba ako—"

"I'm doing no such thing," pagsisinungaling niya kahit na gusto na niyang umiyak sa sobrang takot. "Gagawin ko 'to dahil alam kong magiging masaya ako sa piling niya, Kuya."

Napalunok si Steve at napaiwas ng tingin. Kitang-kita ni Therese ang pagdududa at kalungkutan sa namumutla nitong mukha. Muli siyang napayakap dito nang mahigpit. All these years, simula nang maulila silang dalawa, sila na lang ang magkasama. Walang inaasahang iba at walang ibang sumusuporta. Ginawa nito ang lahat para sa kanya. Muling isinumpa ni Therese sa sarili na, maski na ano pa ang mangyari, kakayanin niya ang kahit na anong pahirap na ibibigay sa kanya ni Derek. Wala siyang pagsisisihan, wala siyang katatakutan.

"I just want you to be happy, Therese," paos na

bulong ng kapatid habang humihigpit ang yakap nito.

Muntik nang bumagsak ang luha ni Therese. "Alam ko, Kuya, alam ko."

"Kapag nagkaproblema ka, huwag kang mahihiyang dumalaw, ha?" patuloy nito habang lalong hinihigpitan ang yakap na parang ayaw na siya nitong pakawalan. "Kahit na ganito ang kalagayan ko, hindi pa rin kita pababayaan."

"Alam ko rin 'yan, Kuya." Bumitiw siya sa pagkakayakap sa kapatid at pinilit ang sarili na ngumiti. "Bakit hindi ka sumama sa 'min sa reception? Sinabi sa 'kin ni... Derek na naghanda daw siya para sa kasal."

Isang mapait na tawa ang pinakawalan ng lalaki. "I think it would be a lot more diplomatic kung wala ako roon."

Disappointed si Therese dahil gusto pa niyang makasama nang mas matagal ang nakatatandang kapatid, pero dumating na ang oras ng kasal nila ni Derek. Bumukas ang pinto ng opisina ng judge at bumungad doon ang lalaking pakakasalan niya.

Lumapit si Derek sa kanila. "Are you ready?"

*Hindi. Kung maaari lang ay hindi na matuloy ang kasal na ito*, mapait na sagot ng isip ni Therese. "Oo," kalmadong tugon niya.

"Let's go," malamig nitong sagot, pilit na di pinapansin si Steve. Hindi porque nakagawa na sila ng arrangement ng dalaga ay nakalimutan na nito ang tungkol sa atraso ng lalaki.

Pinisil nang marahan ni Steve ang kamay ng kaisa-isang kapatid at binigyan niya ito ng isang mainit na ngiti. "I'll be fine."

"Take care of yourself, okay?" masuyong bulong nito at saka humalik sa malambot niyang pisngi. Ibinaling naman nito ang pansin sa magiging bayaw. Seryoso nitong sinalubong ang nagyeyelong mga mata ng huli. "Please take care of her."

Isang tango lang ang isinagot dito ni Derek habang tila paagaw na kinuha ang kamay ni Therese mula kay Steve. Hindi niya mapigilan ang selos nang kumawala sa kanya babae at niyakap nang mahigpit ang kapatid nito. Pero nang ibinalik nito ang atensyon sa kanya ay malamig na ang ngiti nito at may bakas pa rito ng pait.

Huminga ito nang malalim at lumakad na papunta sa loob ng opisina ng judge. "Let's get this

over with.”

---

“Wala ka bang ganang kumain ngayon?” nakasimangot na tanong ni Derek sa bago niyang asawa habang magkaharap sila sa pormal at malawak na hapag–kainan. Nandoon sila ngayon sa mansion ng lalaki.

Sinulyapan siya nito at muling uminom ng kaunting wine bago sumagot, “Pagod lang ako.”

“Pagod?”

“Hindi biro na ayusin ang buhay ko nang ganoon lang kadali para magpakasal sa ‘yo within three days, Mr. Salcedo,” pormal na sagot nito, parang namamanhid sa lamig ang magagandang mata nito. “O baka hindi mo naisip na maraming tao ang maaapektuhan kapag bigla na lang akong nawala sa mundong ibabaw?”

Lalong lumalim ang simangot ni Derek. Simula nang iwan nila si Steve sa opisina ng huwes ay hindi na ngumiti si Therese. Pakiramdam niya ay mayroong malaking puwang sa kanyang puso na gusto niyang mapuno ng babaeng pinakasalan niya. Kung alam lang nito kung gaano niya pinanabikan ang araw na ito….

Nanatiling tahimik si Therese. Hindi siya nagbibiro nang sabihin niya na pagod siya. Isa pa, wala siyang dahilan para magkunwaring masaya. At nag-aalala rin siya sa kung ano ang puwedeng mangyari mamaya kapag natulog na sila.

"'Mr. Salcedo' ang pangalan ng tatay ko; call me 'Derek,'" sabi ng lalaki habang nakatitig sa magandang mukha nito. "Magtataka ang pamangkin ko kapag tinawag ako ng bagong asawa ko sa apelyido, don't you think?"

Parang salamin na nabasag ang formal expression sa mukha ni Therese dahil sa curiosity nang marinig ang comment ng asawa. Nang makita ni Derek ang buhay na emosyon sa mukha nito, lalong lumakas ang tibok ng kanyang puso. "Pamangkin?"

"Oo. Ang nag-iisang anak na babae ng kapatid kong si Adam. Pamangkin ko si Sophie at inaanak ko rin siya. Katulad ng kuya niyang namayapa na, si Vincent, nag-aaral siya sa isang exclusive boarding school dito sa Pilipinas pero para naman sa mga babae. Ako ang guardian niya hanggang sa umabot siya sa edad na twenty-five."

"Ilang taon na siya?

"Eight."

Tumangu-tango si Therese. “I see…” Napakabata pa ng pamangkin ni Derek para maulila nang ganoon. Naalala niya ang naramdaman niya noon nang sila naman ni Steve ang maulila. It wasn’t easy for the both of them back then.

Nagtaasan nang bahagya ang mga kilay ng asawa. “I don’t think you do. Ang batang ito ang batang inulila ng kapatid mo.”

Parang mga nagbabagang uling na bumalik sa kanya ang mga mata ng kausap at ramdam niya ang intensidad niyon kahit na mula sa silya niya. He had never seen so much emotion cross the face of just one person. Ibang-iba ang babaeng ito. She was very… refreshing.

*How dare he!* galit na singhal ng babae sa isip. *Alam niya kung ano ang iniisip ko, damn him!* Huminga ito nang malalim. “Gusto ko lang sabihin na kailangan ko nang asikasuhin ang kompanya namin dahil hindi na kaya ni Kuya na magtrabaho pa.”

Lalong nanilim ang kanyang mukha. “Hindi mo na kailangang magtrabaho.”

Nanlisik muli ang mga mata ng babae at naramdaman niyang nabubuhay ang dugo niya.

"Sinasabi mo ba na pababayaan ko na lang ang mga responsibilidad ko?"

"You're married to me; ako na ngayon ang responsibilidad mo." Kinuha niya ang wineglass upang uminom ng alak.

"Ang responsibilidad ko lang sa 'yo ay ang bigyan ka ng anak since nagawa na kitang pakasalan gaya ng gusto mo. Other than that, you can't hold me accountable for anything else," malamig nitong turan.

Ibinagsak niya ang baso sa mesa. "You are my wife at gagawin mo ang gusto ko!"

"May sarili akong kotse at pupunta ako kung saan ko gustong pumunta!" balik ng asawa.

Namutla si Derek. Pakiramdam niya ay parang may dumadaloy na yelo sa mga ugat niya habang iniisip si Therese na nagda-drive mag-isa. Paano kung maaksidente rin ito na gaya nina Adam at Vincent? Iniisip pa lang niya ang bagay na iyon ay nanghihina na siya.

Muli siyang napasimangot. Talagang napakatigas ng ulo ng kanyang asawa. "As long na gagamitin mo ang *Mercedes* at isasama mo ang driver, walang problema."

Nagtaas itong bahagya ng kilay. “Hindi ko kailangan ang driver mo. Kaya kong mag-drive papunta sa bahay namin.”

Nag-alab ang mga mata niya. “Hindi. Kung hindi mo ‘ko susundin, kalimutan mo na ang pagdalaw sa kapatid mo.”

Nanlaki ang mga mata ni Therese at tila hindi makapaniwala sa narinig. “Wala kang karapatan na pagbawalan ako na gawin ang kahit na anong gusto ko!”

“Asawa kita. I have the right to make you do anything I want!” balik niya.

“You don’t own me!”

“Nakalimutan mo na ba ang pinagkasunduan natin?” hamon niya. “At nakalimutan mo na ba ang sinabi ko sa ‘yo?”

Natigilan ito at napatitig sa kanya na parang biglang sinampal. Napalunok ito bago muling nagsalita, “Pasensya ka na. Nakalimutan ko na gamit mo na lang pala ako ngayon at wala akong karapatang mag-isip. My feelings are literally expendable to you.”

Natigilan si Derek at naghalo ang sakit at

frustration sa dibdib niya. How could she think that of him? "Ginagawa ko lang ang iniisip kong makakabuti para sa 'yo."

"Hindi mo 'ko papayagang magtrabaho, hindi mo 'ko basta-basta palalabasin sa bahay na 'to at pinakasalan mo lang ako para lang magkaanak ka at maipagpatuloy ninyo ang apelyido ninyo. I think that sums it all up, don't you think?" mapait na sagot nito.

Pumailanlang ang nakakabinging katahimikan sa pagitan nila. Ni isa man sa mga katulong ay hindi nangahas na pumasok sa dining room nang magsimula ang conversation nila.

Napabuntong-hininga si Therese at saka tumayo. "Pagod na 'ko, kailangan ko nang magpahinga. Excuse me."

Dumerecho siya sa kuwarto na inilaan para sa kanya kanina kung saan siya nagbihis para sa kasal nila ni Derek. Doon ay nagpalit siya ng damit na sinuot sa okasyon at naghanda na rin siya para matulog. Galit na galit na isinuot niya ang t-shirt na pantulog at nahiga sa kama.

*How dare he! Ano ba siya sa akala niya? Ang kapal ng mukha niya! Didn't he realize that he was*

*taking everything from me? Damn him!*

Nagpaiwan nang ilang sandali sa Derek sa dining room, galit na tinutungga ang natitirang alak sa kopita. Bakit ba hindi maintindihan ni Therese na nag-aalala lang siya para sa safety nito? Bakit napakalamig nito sa kanya?

Marahas niyang itinapon sa malayong pader ang baso at nabasag iyon. Umakyat siya sa patungo sa kuwarto niya. Kadiliman ang sumalubong sa kanya nang pumasok siya roon. Binuksan niya ang isang lampshade at napakunot-noo nang makitang wala roon ang kanyang asawa. Bigla siyang napatiim-bagang nang maisip na malamang ay sa guest room ito tumuloy upang doon matulog at ayaw nitong tumabi sa kanya.

Mabilis niyang nilisan ang kanyang silid at tinungo ang kinaroroonan ni Therese. Nang buksan niya ang pinto ng guest room ay patay na ang ilaw, ngunit may liwanag na nagmumula sa bilog na buwan na pumapasok sa bintana. Maingat siyang lumapit sa kama at pinanood ang natutulog na asawa. Hindi niya mapigilan ang humanga sa ganda nito at kinain ng pangungulila ang buong katauhan niya.

Tumabi siya rito sa kama at ibinaon ang mukha

sa mabangong buhok nito. Lalong tumindi ang nararamdaman niyang pangungulila para rito at hindi na niya napigilan ang sarili na halikan ang batok nito at unti-unting iangat ang t-shirt nito para mahawakan niya ang malalambot nitong dibdib.

Naalimpungatan si Therese nang maramdaman ang maiinit na palad na humahaplos sa kanya at napasinghap nang makita si Derek na katabi niya sa kama. Pero bago pa siya nakapagsalita ay hinuli na kaagad ng asawa ang mga labi niya sa isang mainit at gutom na halik na parang tumunaw sa kanyang mga kalamnan.

Sinubukan niyang manlaban upang iwasan ang pagnanasang kumakain sa kanya nang buhay pero hindi niya mapigilan. Parang hindi niya pag-aari ang katawan niya.

"Bakit narito ka sa kuwarto ko?" halos pabulong na basag ng malumanay na boses niya sa katahimikan ng silid.

Natigilan si Derek at nakaramdam ng galit. Damn it, he owned her! Karapatan niya ito! "Asawa kita. Sa tingin mo ba papayag ako na magkaiba tayo ng kuwarto? Magmula sa gabing ito ay matutulog ka na sa silid ko." Mabilis niyang pinangko ang asawa at kahit nanlalaban ito ay nadala pa rin niya

sa kanyang silid.

Nang mailapag niya ito sa malambot na kama ay kaagad niyang hinubaran ang sarili. Napigilan niya sa pagtakas si Therese at mabilis din itong hinubaran, hindi pinansin ang mga pagtulak at pagtutol nito sa kanya.

Pangungulila. Pagnanasa.

Iyon lang ang puwedeng maglarawan sa lahat ng nararamdaman niya nang mga oras na iyon habang nakatitig siya sa asawa niya. Parang naipon ang lahat ng nakakalito at nakaka-frustrate na damdamin na nakulong sa kanyang puso nitong nakaraang mga araw simula nang makita niya ito at ngayon, hindi na niya ito mapigilan sa pagsabog. Kung puwede lang sana niyang sabihin dito kung ano talaga ang nararamdaman niya kung bakit niya ito pinakasalan…. Pero kapag ginawa niya iyon, siguradong matatakot si Therese.

Walang nararamdaman si Therese para sa kanya at alam niya iyon, pero babaguhin niya ang kawalan nito ng damdamin para sa kanya. He'd make damn sure of it dahil sigurado na siya. He had to have her….

Sandaling pinakawalan niya ang mga labi

ng asawa at sinimulang pupugin ng halik pababa ang katawan nito, pero namumulang tumutol ito. "H-huwag!"

Kunot ang noo na napatitig siya rito. Napakaganda talaga ni Therese, hindi naalis sa isip niya ang mukha nito magmula sa unang araw ng kanilang pagkikita at para siyang hangal na nananabik dito.

"I'm sorry," paos niyang bulong. "I can't stop…"

"Damn you!" naluluhang singhal nito, pilit pa ring nilalabanan ang damdamin.

Naggitgitan ang mga ngipin ni Derek at sinibasib ito ng isang mainit at halos bayolenteng halik. He was experienced in making love to a woman at ginamit niya ang lahat ng nalalaman niya para mabaliw sa kanya ang asawa. Hindi siya papayag na wala itong maramdaman habang para siyang nababaliw na sumasamba sa katawan nito. Nang maramdaman niyang tumutugon ito sa kanyang mga haplos at halik, pakiramdam niya ay lalo siyang nawalan ng kontrol.

At nang tuluyan na niya itong angkinin, ikinabigla niya ang natuklasan.

She was a virgin.

Nakaramdam ng malalim na satisfaction si Derek dahil doon at humigpit pagkakayakap niya sa natutulog na asawa. May ngiti sa kanyang mga labi nang siya ay makatulog.

“Akin ka lang, Therese…” bulong niya rito habang sumasara ang mga mata. “Akin ka lang….”

# 3

Nagising si Therese nang biglang tumama sa mukha niya ang sikat ng mataas na araw. Binuksan niya ang mga mata at napakurap nang matuklasang naroon siya sa di-pamilyar na silid. Napabalikwas siya. Iginala niya ang mga mata at nakitang nakapatong sa isang maliit na lamesa ang isang tray na puno ng almusal.

Muli siyang napakurap. Anong oras na ba?

Hinanap niya ang orasan at nakita iyon sa ibabaw ng tokador. Nanlaki ang kanyang mga mata nang mapansing alas diez na.

Alas diez? Kahit kailan hindi pa siya nagising nang lampas sa alas ocho! Ano ang nangyari?

Aalis na sana si Therese sa kama nang mapansin ang nakatambad ang kanyang dibdib. Wala pala siyang suot sa ilalim ng kumot! Kaagad na namula ang mga pisngi niya nang maalala ang nangyari nang nakalipas na gabi.

Si Derek ang may kasalanan nito!

Kahit mag-isa lang siya sa kuwarto, hindi niya

maiwasang mahiya sa sarili na tinakpan ng kumot ang naka-display niyang dibdib. Hinanap niya ang t-shirt na pantulog at nakita iyon sa sahig. Pinulot niya ang saplot at nagmamadaling isinuot iyon.

Huminga siya nang malalim at napapisil sa tulay ng ilong niya. Nang muling maalala ang mapusok na tagpo sa pagitan nila ni Derek, lalong namula ang kanyang mukha. Pinilit niyang burahin ang alaala ng kanilang pagniniig, pero parang sirang plaka na nagpaulit-ulit iyon sa kanyang isip. Kung paano siya tinangay ng bawat halik nito. Kung paano siya umungol habang….

Inilibing ni Therese ang mukha niya sa unan at tumili roon. Hiyang-hiya siya! Ano ba ang nangyari sa kanya? Bakit nagkaganoon? Her response wasn’t supposed to be like that! Ni wala siyang balak na makaramdaman ng kahit na ano!

Noong una, natakot talaga siya. Paano siya makikisiping sa isang tao na hindi naman niya gusto? Pero nang makitang katabi niya ito sa kama at hinalikan siya ay para siyang natunaw. Tinangka niyang manlaban subalit natangay siya ng mga sensasyong binuhay nito sa katawan niya. Tila walang kahirap-hirap nitong inalis ang lahat ng inhibitions niya. Nakalimutan niya ang kanyang

sarili.

Nang matapos na siyang mag-almusal ay tumuloy siya sa banyo para maligo. Nanghihina pa rin siya. Hindi siya nagsisinungaling noong nakaraang gabi nang sabihin niya kay Derek na pagod siya.

Inasikaso pa niya si Steve na dumadalas ang mga atake at inihahanda ang lahat ng kakailanganin nito bago siya umalis sa bahay nila. Mas gusto niyang siya ang mag-alaga sa kanyang kapatid. Napilitan lang siyang kumuha ng serbisyo ng kapwa nurse dahil kasal na siya kay Derek. Idagdag pa ang problema sa kompanya dahil kinailangan niyang mamili ng bagong CEO na magpapalakad niyon ngayong hindi na ito kayang patakbuhin ni Steve at duda siyang pababayaan siya ni Derek na asikasuhin niya ang kompanya nila. In short, puyat na puyat siya at latang-lata na.

Napabuntong-hininga si Therese habang nagsasabon ng katawan sa ilalim ng shower.

"Matagal ka ba talagang maligo?"

Gulat na napasinghap siya at napalingon. Hindi niya napansin ang pagpasok ni Derek sa banyo! Tiningnan niya ito nang masama, umaasa na sana ay lubayan siya nito. "Do you mind?"

Napangisi lang ang lalaki habang sinisipat nito ang hubad niyang katawan. “Wala namang silbi kahit na itago mo pa ‘yan sa ‘kin. Nakita ko nang lahat ‘yan kagabi.”

Kung hindi lang abala ang mga braso niya sa pagtatago sa dibdib niya ay baka nasampal na niya ang kaharap. Wala siyang ibang magawa kundi ang tingnan ito nang masama at batuhin ng maaanghang na salita. “Go to hell!”

Isang cynical na tawa lang ang isinagot nito bago tila natunaw iyon ng isang emosyon na hindi niya mabasa. “Gan’on ba talaga kasama ang mga nangyari kagabi para sa ‘yo, mahal ko? Huwag ka nang magalit. Kahit ako ay nagulat. I wasn’t exactly expecting a virgin when I married you.”

Naningkit ang mga mata ni Therese. “I don’t play around.”

“And you’d better not start now.”

Napaiwas siya ng tingin, natatakot na baka traydurin ng mga mata niya ang nakakalitong mga emosyon na itinatago niya sa kanyang puso. “Puwede bang umalis ka na? Gusto kong tapusin ang paliligo ko.”

Hindi nakita ni Therese ang pagpanting ng

tainga ng asawa o ang nangungulilang titig nito sa mukha niya. Imbis ay lumabas ito sa shower stall at lumayo sa kanya. Hindi niya alam kung bakit, pero nagdulot iyon ng kakaibang kawalan sa kanya.

"Bilisan mo lang. Ipapakilala ko pa si Sophie sa 'yo. Sinundo ko siya kanina sa boarding school at maghanda ka na rin dahil ipapasyal natin siya ngayong araw. Huwag kang magkakamali na ipakita sa kanya ang totoong nararamdaman mo para sa 'kin. Hindi ka matutuwa sa kung ano ang kaya kong gawin kapag hindi mo sinunod ang gusto ko," may pagbabanta sa tinig na pahayag nito.

Malamig ang naging sagot niya para na rin mapagtakpan ang nakakalitong nararamdaman. "What more can you possibly do?"

Napakuyom ang kamay ni Derek. "Maghihintay kami sa dining room."

Naiwan si Therese sa banyo, puno ng alinlangan at pagkalito na hindi maalis-alis sa kanyang katauhan kahit na gaano pa siya kaiging magbanlaw ng katawan. Habang nagbibihis ay pilit niyang pinakalma ang sarili. Kahit na ano pa ang kasalanan ni Derek sa kanya, hindi pa rin siya dapat mandamay ng bata. Kailangan niyang ipaalala sa sarili na biktima lang ito ng aksidenteng nangyari.

Bumaba na siya upang magtungo sa malaking dining room. Habang palapit doon ay narinig niya ang mga halakhak ng pamilyar na boses ni Derek at ang mga tawa ng isang batang babae. Nang sumilip siya sa dining room, nakita niyang nilalaro ng lalaki sa kandungan nito ang isang magandang batang babae.

Natigilan si Therese. Hindi niya inaasahan na makikita niyang ganito ang malupit, walang-awa at arogante niyang asawa. She didn't know that as a human being, he was also capable of love.

Ang batang babae ang unang nakapansin sa kanya at natahimik ito bigla. Tumitig ito sa kanya bago itinago ang mukha sa leeg ng tiyuhin. May kung anong natunaw sa puso ni Therese nang makita ang inosenteng mga mata nito.

Napatingin sa direksyon niya si Derek na lalong lumapad ang ngiti nang makita siya. Binuhat nito ang bata papalapit sa kanya. "Sophie, say hello to your Tita Therese. Huwag ka nang mahiya. Tingnan mo, mas nahihiya pa ang tita mo kaysa sa 'yo."

Muling tumingin sa kanya si Sophie. Ilang sandali itong tumitig sa kanya bago pumailanlang ang tawa nito sa buong silid dahil sa kindat na biglang ibinigay niya rito.

"Hello po, Tita Therese," bati ng bata sa kanya nang may matamis na ngiting tuluyang tumunaw sa kanyang puso. "My name is Sophie Salcedo. It's nice to meet you!"

"It's nice to meet you, too, sweetie," tuwang ganting-bati niya, sabay bahagyang hagod sa bangs nito.

"Tita, ang ganda-ganda n'yo po!" komento nito.

Lalo siyang napangiti. "Thank you. Alam mo, Sophie, ang ganda-ganda mo rin."

"Talaga po?" nanlalaki ang mga mata nito sa narinig bago bumaling sa tiyuhin. "Tito, maganda po ba kami?"

Natawa si Derek. "Oo naman. Mahilig yata si Tito sa magaganda."

Hindi pinansin ni Therese ang mga sulyap na ibinabato sa kanya ng asawa. Tahimik siyang nagpasalamat at nandoon si Sophie.

"Tito, talaga bang ipapasyal n'yo 'ko sa zoo ni Tita ngayon?" tanong ng bata sa tiyuhin.

"Oo," nakangiting sagot dito ni Derek habang karga ang pamangkin palabas ng dining room. Sumunod naman siya sa mga ito. "Pagkatapos kain

tayo ng ice cream, ha?"

Buong araw na pinanood nang palihim ni Therese ang magtiyuhin kahit na itinutuon lang niya ang pansin sa bata. Mabilis na napalapit ang loob niya rito. Ngayon, paano niya maiiwasan na mahulog ang loob sa tiyuhin nito?

---

"Tita Therese?"

"Hmm?"

Inaantok na umakyat si Sophie sa kandungan ng babae at humilig sa malambot nitong dibdib. "Palagay ko gusto kita."

Pinanood ni Derek ang maliit pero puno ng pagmamahal na ngiti na sumilay sa mukha ng asawa niya at halos kainin siya ng pangungulila.

"Ako rin, mahal ko, palagay ko gusto rin kita."

Nakangiti at kontentong nakatulog si Sophie sa kandungan ni Therese habang hinahagod nito ang buhok ng bata. Nakaramdam ng matinding inggit ang lalaki para sa pamangkin.

Nasa loob sila noon ng kotse at ipinagmamaneho ng driver niya. Kagagaling lang nila sa wildlife animal

reserve kung saan buong araw niyang pinanood ang interaction sa pagitan ng kanyang asawa at pamangkin at nasilayan niya kung paano mag-alaga at magmahal si Therese. Nagdulot iyon ng kakaibang gutom sa kanyang puso. He never realized he was capable of being hurt this much. Being married to Therese was somewhat… enlightening in many ways.

Nang tumigil ang kotse sa harapan ng mansion ay inabot niya si Sophie mula kay Therese para dalhin na ang bata sa sarili nitong kuwarto. Habang kinukuha ang pamangkin ay nagnakaw siya ng halik mula sa malambot at mabangong pisngi ng asawa. Hindi na ito nakailag pa pero kaagad itong lumayo pagkabigay sa bata.

Nang maihatid si Sophie sa kuwarto nito at mabilinan ang katulong na bihisan na ito at ayusin, kaagad siyang pumunta sa kuwarto nila ni Therese. Natigilan siya nang makita ito sa harapan ng tokador at sinusuklay ang mahaba nitong buhok. Sinalubong nito ang mga mata niya sa salamin. Nanuyo ang kanyang lalamunan at pinilit ang sarili na humagilap ng sasabihin para hindi siya magmukhang tanga.

Nakaisip din siya ng sasabihin nang maalala niya ang pamangkin. “Mukhang nagustuhan kang

talaga ni Sophie."

Ipinusod ng babae ang buhok nito at nakaramdam siya ng panghihinayang dahil sa pagkakatago ng kagandahang iyon. "Do you find that so strange?"

"Hindi naman." Napalunok siya bago muling nagsalita, "Usually kasi napakamahiyain niya pagdating sa ibang tao. Lalo na sa mga bagong kakilala."

Nanatiling pormal ang expression ng mukha at boses ni Therese. "Marami na 'kong nakilalang bata na gaya niya noong nag-aaral ako ng Nursing sa London. Ang mga katulad niya ang paborito ko."

Napangiti si Derek at lumapit ng isang hakbang sa asawa. Sa wakas, nagkukuwento na ito tungkol sa sarili. "Kakaiba ka talaga. Usually, ang mga babaeng katulad mo ng social standing, nag-aaral na maging doktor o kumukuha ng mga kurso na magbibigay sa kanila ng matataas na recognition. Bakit Nursing ang kinuha mo?"

Lumamlam ang mga mata ng kanyang asawa bago ito sumagot. "Gusto ko kasing maalagaan ang mga taong mahalaga sa 'kin."

Muling naghari ang katahimikan sa pagitan nila.

"Excuse me," biglang paalam ni Therese at nagsimulang tumayo mula sa silya nito sa harapan ng dresser.

"Saan ka pupunta?"

Nagtaas ito ng isang kilay bago sumagot, "Sa library, gusto kong magbasa."

Ngumiti si Derek. "Sige, sasama na rin ako."

Nagpakawala ito ng isang malalim na buntong-hininga. "Hindi na 'yon kailangan, gusto kong mapag-isa."

Bumalik ang frustration na kumakain nang buhay kay Derek kanina at hindi na niya napigilan ang sarili. "No, I insist. At saka mula ngayon, huwag mo na ngang ipupusod nang ganyan ang buhok mo, hindi bagay sa 'yo!"

Nagsilab ang pagtutol sa mga mata ng babae at hinarap siya. "Pati ba naman pagtali ng buhok ko ay pakikialaman mo pa? Kapag sinabi mo bang huwag akong huminga, hindi rin ako hihinga?"

Mahigpit niyang hinawakan ang braso nito, bakas sa kanyang mukha ang galit. Bakit ba hindi maintindihan ng asawa kung ano ang gusto niya?

"Susundin mo ang sinasabi ko dahil 'yon ang

gusto kong gawin mo, Therese!” mapait na singhal niya, sabay yugyog dito. “Ano ba’ng problema mo? Bakit pagdating kay Sophie ay ang bait-bait mo, pero pagdating sa ‘kin…”

“Hindi ako ipokrito. Hindi ko kayang magkunwaring may nararamdaman ako para sa isang tao kahit na wala. Kung kaya ko lang sanang pilitin ang sarili ko pero… hindi ko ‘yon magawa.”

Parang kutsilyong tumarak ang mga salitang iyon sa puso ni Derek. Alam niyang ginagawa niyang tanga ang sarili. Hindi ba ang dahilan kung bakit niya pinakasalan ang babaeng ito ay para paglaruan lang at pagsawaan? Ang gamitin ito at durugin bilang ganti sa nangyari sa kanyang kapatid at sa kanyang pamangking lalaki?

“Nasasaktan ako,” narinig niyang malamig na sinabi ni Therese. Sinalubong niya ang mga mata nito, pilit na inuunawa ang ibig nitong sabihin. “Ang sabi ko, bitiwan mo ‘ko. Nasasaktan ako!”

Napatingin siya sa kamay niyang nakakapit pa rin sa braso ng asawa at napabitiw siyang bigla nang makitang halos dinudurog na niya iyon. Natunaw ang galit niya.

Pakiramdam niya ay parang siya na rin ang

dumurog sa sarili niyang puso. “I… I’m sor—”

“Tito Derek?”

Pareho silang napatingin sa direksyon ng nakabukas na pinto at nakita roon ni Sophie. Nakapantulog na ito, inaantok at may yakap na isang malaking teddy bear.

“Sophie?” malumanay na tawag ng boses ni Therese sa bata habang lumuluhod sa sahig. Lumapit sa kanya ang bata at nagpayakap sa maiinit niyang bisig. Mga bisig na gusto rin ni Derek na yumakap dito. “Bakit gising ka pa?”

“Tita Therese, puwede po ba akong tumabi sa inyong matulog ni Tito ngayong gabi?” humihikab na hiling ng bata.

“Oo naman.” Binigyan niya ng isang sulyap ang asawa bago kinarga si Sophie sa kama at ipinuwesto ito para mamagitan sa kanilang dalawa.

Walang magawa si Derek kundi ang manood na lang. Hindi lang ang pamangkin ang namamagitan sa kanila ngayong gabi, maging ang napakatayog na pader na hindi niya alam kung paano sirain.

Kailangan niyang sirain ang pader na nakaharang sa kanilang mag-asawa bago niya makuha ang puso

ng babae. At gagawin niya iyon kahit mahirapan siya.

Kahit abutin pa siya ng habang-buhay….

# 4

Kinabukasan, lumabas uli silang tatlo. Basta ituro lang ni Sophie kung saan nito gustong pumunta, susunod kaagad si Derek. There was no other word for it, she had her uncle wrapped around her little finger. Hindi mapigilan ni Therese ang mapangiti habang pinapanood ang magtiyo na nakasakay sa roller coaster ng amusement park na pinuntahan nila.

Napabuntong-hininga siya. Hindi niya akalaing makakapag-asawa siya nang ganito kaaga; twenty-two years old lang siya. Kung sana puwede siyang mahalin ni Derek pero mahirap nang umasa.

Hapon na nang maihatid nila si Sophie pabalik ng boarding school nito. Kahit hindi ito nagpapakita ng lungkot, nararamdaman iyon ni Therese. Sa loob ng dalawang araw ay naging sensitibo siya rito at nadiskubre niyang medyo mature na rin itong mag-isip! Epekto marahil ng boarding school. Nakaramdam siya ng kalungkutan para kay Sophie.

"Buti na lang at si Tita Therese ang pinakasalan mo, Tito Derek!" daldal ng bata habang nagda-drive ang tiyuhin. "Mas gusto ko na siya kaysa kay Ate

Emilia!"

"Emilia?" curious na tanong ni Therese sa pamangkin habang nililingon ito sa back seat. "Sino naman 'yon?"

Nalukot ang mukha ni Sophie na parang nakaamoy ng mabaho. "Isinama po siya ni Lola rito last year para makilala si Tito. Hindi ko siya gusto; parati na lang daw masakit ang ulo niya saka ayaw niyang makipaglaro sa 'kin."

"Sophie, di ba ang sinabi ko sa 'yo na masama ang magsalita ng ganyan tungkol sa ibang tao?" saway ni Derek sa pamangkin. "Sige ka, baka magselos ang tita mo at iwan niya ako."

*Asa ka pa*, tahimik na balik ni Therese dito.

"Sorry po," paghingi ng paumanhin ng bata pero mayamaya ay ngumiti rin ito. "Pero alam po ninyo, Tito Derek? Palagay ko may gusto sa inyo si Tita Emilia!"

"Sophie!"

"Sorry po."

Sa kabila ng kanyang mga problema ay hindi napigilan ni Therese ang sarili na matawa sa interaction ng magtiyo pero kakambal din niyon

ang pag-aalala. Sa madaling salita ay sinubukan na rin pala ng mama ni Derek na ipakasal ito sa ibang babae. Ibig sabihin, he was enjoying his life as a bachelor bago pa siya dumating sa buhay nito. Bakit iyon isinuko ni Derek? Did he really hate her that much?

Nakarating din sila sa eskuwelahan ni Sophie. Ayon kay Derek, mga anak ng mga elitista lang ang puwedeng mag-aral dito. Pag-aari raw ito ng isang German national na gustong ipakilala ang higher education sa Pilipinas.

Sa harapan ng dormitory ay sinalubong na kaagad sila ng isang teacher na nakasuot ng class na uniform. Binati sila nito in French na ibinalik naman ni Sophie sa parehong lengguwahe. Ipinakilala rin ng bata si Therese gamit ang parehong wika at magalang na tumango sa kanya ang guro.

"*Enchanté*," balik niya sa teacher.

"Marunong ka ring mag-French, Tita Therese?" tuwang tanong ng bata sa kanya. "Hindi ko alam 'yon!"

"Neither did I," sabi rin ni Derek na humahangang napatitig sa asawa. "Your tita is always so full of surprises. Bakit hindi mo man lang 'yan sinabi sa

amin, darling?"

Hindi niya sinulyapan ang asawa. "You never asked."

"Pero saan ka natuto, Tita?" curious na tanong ni Sophie na nakayakap na kaagad sa binti niya.

Napangiti siya. "Nang mag-aral ako sa London, marami akong naging kaklase na French nationals. Isa sa kanila ang naging kaibigan ko, pero hindi siya magaling mag-English kaya nagturuan kami. Tinuruan niya akong magsalita ng French at tinuruan ko siyang magsalita ng English."

"Ang galing!" manghang komento ng paslit.

Napatikhim si Derek. "O, paano na, mahal ko? Sa susunod na Friday uli, ha?"

Seryosong tumango ang pamangkin at tumuwid ng tayo. "Yes, Tito. Goodbye po."

Medyo nadurog ang puso ni Therese sa ipinapakitang maturity ng bata. Dapat bang maging ganoon ka-mature ang isang bata nang ganito kaaga?

---

Nakapasok na sila sa loob ng malaking bahay. Aakyat na sana si Therese papunta sa kuwarto nang

hilahin siya ni Derek pabalik sa sala.

"Isn't there anything you wanted to know?" tanong nito habang matamang pinapanood ang mukha niya.

Napakurap siya, hindi ito maintindihan. Si Sophie pa rin ang nasa isip niya. "Wala naman."

Napasimangot ang asawa at napasuklay ang mga daliri sa makapal nitong buhok bago siya dinala sa isang silya at pinaupo. Aburido itong nagpalakad-lakad sa harapan niya nang ilang sandali bago nagsalita. "Look, 'yung tungkol sa sinabi ni Sophie tungkol kay Emilia, kalimutan mo na 'yon. Hindi 'yon importante."

Ah, iyon pala ang gumugulo sa utak nito. And he was thinking na bothered siya tungkol sa babaeng gustong ipakasal dito ng ina nito? *Hmm... how interesting!*

"Hindi ko naman inisip na importante 'yon," aniya. "Nag-aalala lang ako sa sasabihin ng mama mo kapag nalaman niya na pinakasalan mo ang kapatid ng lalaking naging responsible sa pagkamatay ng panganay niyang anak at apo."

Tumigil ang asawa sa paglalakad paroon at parito. "Magkakaroon ka lang ng problema kapag

sinabi mo sa kanya kung ano ang relasyon mo kay Steve Ortega!" asik nito. "Sa pagbisita niya rito, keep in mind na wala kang babanggitin kahit na ano tungkol sa aksidente. Is that clear?"

Bahagyang naningkit ang kanyang mga mata bago tumango. "Crystal clear."

Napamura si Derek nang mahina at napatitig sa kanya. Mukhang may sasabihin pa ito kaya pasensyosang hinintay niya ang nais nitong sabihin. "Ano ang palagay mo kay… Sophie? I mean, ang tungkol sa school niya at… sa kanya?"

If she didn't know better, sasabihin niya na parang gumagawa lang ito ng dahilan para kausapin siya. "Ayos lang. Pero…"

Sumilay ang genuine interest sa mga mata nito. "Pero…?"

Sinalubong niya ang mga mata nito. "Sa tingin mo ba talaga… tama na nasa boarding school nag aaral si Sophie?"

Napasimangot ito. "What do you mean?"

Napabuntong-hininga ang babae. "Don't you think na masyado pa siyang… bata para sa dorm?"

Napakurap si Derek; obviously, hindi iyon

ang tanong na inaasahan nito. "Why not? Kaming magkapatid at pati na rin si Vincent, nag-aral kaming lahat sa boarding schools."

"Pero tama ba talaga 'yon? Is it really necessary?" giit niya. Pagkakataon na niya iyon na sabihin ang niloloob tungkol kay Sophie.

"Ano ba ang ibig mong sabihin?"

"It's just that…" Napakibit-balikat siya at nagpatuloy, "She's just so young! Hindi ba mas maganda kung dito na lang siya umuuwi sa sarili niyang bahay kasama ang mga tao na kilala niya at alam niyang nagmamahal sa kanya, kaysa sa isang dorm room na puno ng mga taong ni hindi niya alam kung mapagkakatiwalaan niya?"

Nanilim nang unti-unti ang mukha ng kaharap. "Masaya na si Sophie sa arrangement namin—"

"Is she?" concerned na putol niya. "I'm sorry but I don't think I can agree with you."

Lalo itong napasimangot. "So ano ang gusto mong palabasin? Na nagkukulang ako sa pagpapalaki ko sa kanya? Na hindi ko ginagawa ang tungkulin ko bilang guardian?"

*Oh, great! I offended him*. "Hindi 'yon ang ibig

kong sabihin, this isn't about you!" malamig na balik ni Therese. "Tungkol ito sa pamangkin mo. Walang masama sa boarding schools, inaamin ko 'yan. Sabihin mo nga sa 'kin, anong edad ka ba noong ipinadala ka ng mga magulang mo sa boarding school?"

"Seven."

"At ni minsan ba, hindi mo naramdaman na parang inabandona ka? Ni hindi mo man lang sila mapuntahan kapag may gumugulo sa isip mo, hindi ka nila mapayuhan kapag kailangan mo ng payo. Lalaki ka ngang independent, pero ang gan'ong mentality ba ang gusto mong kalakhan ng pamangkin mo?"

Natigilan si Derek at nanlaki ng mga mata nito. It looked as if she just struck a nerve. And a very sensitive nerve at that dahil bigla itong napaiwas ng tingin sa kanya na parang may kung anong itinatago.

Nang maisip ng babae ang mga sinabi at nilagay ang isang batang Derek sa posisyon na inilarawan niya kanina rito, parang may nabitak sa kanyang puso na hindi niya maipaliwanag. Iyon kaya ang dahilan kung bakit ito naging napakatigas at walang-awa sa mga kaaway? Ang karanasang iyon ba ang bumuo sa pananaw nito ngayon sa buhay?

Napailing si Therese. Kailangan niyang maging mas matigas. Hindi niya dapat kalimutan na ginagamit lang siya ng lalaking ito para makaganti sa kuya niya. Kapag pinalambot niya ang kanyang puso para rito, siya rin ang mapapahamak.

"Kailangan mo siyang intindihin," hayag niya sa malumanay na tinig. "Hayaan mo siyang mabuhay nang normal dahil minsan lang siya magiging bata. Iparamdam mo sa kanya na nandiyan ka parati at palagi ka niyang matatakbuhan, hindi tuwing Sabado at Linggo lang."

"At kanino kayang kasalanan 'yon?" defensive na angil ng asawa.

Tahimik na napasinghap siya. She should have expected that.

Pero mukhang nabigla rin si Derek sa sinabi nito dahil nasilayan ni Therese ang pagsisisi sa madidilim nitong mata. Ilang sandali silang nilamon ng katahimikan bago ito muling nakapagsalita.

"Sanay na si Sophie sa takbo ng buhay niya, hindi na ito bago pa sa kanya. Namatay sa panganganak sa kanya ang mama niya at dahil malaki ang agwat ng edad niya sa kuya niya at sa ibang bansa pa nag-aaral, hindi sila naging malapit na magkapatid sa

isa't isa.

"Ang kapatid ko namang si Adam ay workaholic. Siya ang nag-aasikaso sa branch ng kompanya namin sa Brisbane. He had no time for a baby girl at hindi rin niya alam kung paano aalagaan si Sophie."

Napatango siya. Kaya pala parang ang dali lang para kay Sophie na tanggapin ang pagkawala ng ama at kapatid nito.

"Si Mama ang nag-alaga kay Sophie noong baby pa siya. Nang mamatay sina Adam at Vincent, sa akin na siya napunta habang binibisita ni Mama ang mga kamag-anak namin sa ibang bansa." Sinundan ni Therese ng tingin ang asawa habang naglalakad ito papunta sa harapan ng isang malaking bintana at tumingin sa labas.

"Ako naman… sa totoo lang, hindi ko alam kung paano mag-alaga ng bata. All I can do is to copy from my father's example at pati na rin ang mga insitincts ko kaya ganito kung tratuhin ko siya. I don't know when I'm spoiling her at natatakot akong disiplinahin siya nang magaspang… Hindi ko alam kung saan ang mga boundaries ko kaya ano ang gusto mong gawin ko, Therese? Ano ba ang gagawin ko?"

Napapikit siya sa biglang pagkabog nang malakas ng puso niya. Hindi niya ito gusto. Pakiramdam niya ay may kung anong natutunaw sa loob ng kanyang katawan habang nakikinig kay Derek. He just looked so helpless at gusto niya itong yakapin nang mahigpit.

Napalunok siya at pinilit ang sarili na sagutin ang lalaki. "Hindi ko alam kung ano ang dapat mong gawin. Ang alam ko lang, hindi tama ang ginagawa mo. Kung anak ko siya, I'd want her to be as close to me as possible para maiparamdam ko sa kanya na hindi siya nag-iisa…."

Napatingin sa kanya asawa na parang nagulat sa sinabi niya bago napalitan ang gulat na iyon ng isang gutom na hindi maintindihan ni Therese. Parang hinuhugot ng mga matang iyon ang puso niya kaya siya ang napaiwas ng tingin.

"You like her, don't you?" basag ng baritonong boses nito sa katahimikan na pumagitan sa kanilang dalawa.

Nakaipon siya ng sapat na kumpiyansa sa sarili para harapin ang asawa at sumagot dito sa kalmadong boses. "Masisisi mo ba 'ko?" Napangiti si Therese nang kaunti at napatungo. "Kahit may animosity sa pagitan nating dalawa, hindi dapat na madamay si

Sophie. Kung ano man ang nararamdaman ko para sa 'yo, labas na siya d'on. Hindi ko siya makakayang saktan...."

Napaangat ang kanyang mukha nang marinig ang mga hakbang ni Derek palapit sa kanya at pakiramdam niya, natutunaw ang lahat ng laman-loob niya sa nakitang init na nasa mukha nito. Natakot siya sa mga damdamin na binubuhay nito sa kanyang puso kaya tumayo siya at nagsimula nang lumayo.

"Therese—"

"Pagod na 'ko," iwas niya habang lumalakad paalis ng sala. "Gusto ko nang magpahinga. Excuse me."

---

Pakiramdam ni Derek ay napakabigat ng dibdib niya habang pinapanood ang pag-alis ng asawa. Gustung-gusto niya itong habulin at yakapin. He loved her. Damn.

Naulit sa isip niya ang mga sinabi ni Therese at napapikit siya. Pakiramdam niya ay nahihirapan siyang huminga. Totoo ang sinabi Therese tungkol kay Sophie at sa boarding school. Hindi ba iniisip na rin niya noon pa na alisin na roon ang pamangkin at

patirahin na dito sa mansion?

Pero simula nang dumating si Therese sa buhay niya, parang lalo pa siyang naging makasarili. Nagseselos siya sa pansin na ibinibigay nito sa pamangkin niya. Pati walang malay na bata ay gusto niyang pagkaitan ng pagmamahal ng isang taong gaya ni Therese.

But he wanted to be selfish… Pagdating sa asawa ay ayaw niyang magkaroon ng kahati, gusto niyang kanya lang ito. God, he was pathetic!

Bakit kasi ang lamig-lamig ni Therese sa kanya? Kung sana mabigyan man lang siya nito ng kahit kapiraso ng concern na ipinapakita nito para kay Sophie baka….

Napaangil si Derek at halos tumakbo na papunta sa kuwarto nilang mag-asawa. At pagdating doon natigilan siya nang makitang nakahiga na sa kama ang kabiyak at tila natutulog na. He wanted to make love to her. Kahit tumutol pa ito, alam niyang sa bandang huli ay susuko rin ito sa kanya dahil, despite her cool façade, hindi bato si Therese. Isa itong babae na puno ng emosyon at sensuwalidad na ilang beses na rin niyang nakita at naranasan. But he wanted all of it and he wanted all of her.

Nag-shower siya at nagpalit ng pantulog saka tumabi sa asawa. Sinubukan niyang matulog pero hindi niya magawa. Nang hindi siya makatiis ay niyakap niya si Therese at ibinaon ang mukha sa mabango nitong buhok. Hindi siya nito itinulak palayo; hinayaan lang siya. Akala niya ay makokontento na siya sa pagyakap lang, pero mas malakas ang gutom na nararamdaman niya para sa asawa.

Hindi niya napigilan ang mga kamay niya na humanap sa dibdib ng babae at ang mga labi niya na halikan ang sensitibong balat ng leeg nito. Hindi rin niya napigilan ang sarili na buong takam itong inangkin. Pero pagkatapos niyang makuha ang kailangan niya sa asawa, hindi pa rin niya magawang bumitiw rito. Sa halip ay mas gusto pa niyang ibaon ang sarili kay Therese kahit na pagod na siya.

He was obsessed with her and he couldn't stop. Dahil dito lang—sa gabi at wala na silang ibang kasama—na wala siyang kahati. At hindi makakahindi si Therese sa kanya sa parteng ito ng kasal nila dahil, sa ayaw man nito at sa gusto, kanya lang ang katawan nito.

Now if only he could do the same with her heart….